

- Sa mga lugar na angkop na taniman ng mais, ang paggamit ng mga pamamaraan ng “*conservation tillage*” tulad ng walang pagbubungkal (*zero tillage*), pagbabawas nang pagbubungkal (*reduced tillage*) at ang katamtamang pagbubungkal (*minimum tillage*) ay nirerekomendang gumamit ng “*glyphosate*” (*pamatay ng damo*). Kung magtatanim sa dahilig na lugar, maglaan ng ibang halaman (*contour crop*) na silbing panahod sa mga lupang maaaring ma “*erode*”. Madaling gumuho ang lupa (kasama ang tanim) pag walang halaman o damo na mag sisipsip o mag “*absorb*” ng malakas na ulan. Hindi inirerekomenda ang “*herbicide tolerant*” GMO sa mga sobrang dahilig na lugar na walang “*soil erosion control measure*”
- Ang pagtutudling ay ginagawa sa mismong araw ng pagtatanim at muli sa paggagahok (*hilling-up operation*).



3. Pangangasiwa sa tubig (sa lugar na may irigasyon)

- Pagkatanim, ang lupa ay pinatutubigan upang makapagbigay ng sapat na halumigmig para sa pagsibol ng binhi.
- Ang kinaugaliang paraan ng pagpapatubig ay pinadadaan sa mga tudling.
- Patubigan ang mga bagong tanim na binhi sa panahon ng tag-araw upang ito ay agad na sumibol nang sabay-sabay. Diligan ang bagong sibol nang may 5-7 araw ang pagitan hanggang dalawang linggo pagkasibol. Magpatubig tuwing ika-dalawang linggo hanggang 21 araw bago mag-ani. Kung tag-ulan, magpatubig lamang kung kinakailangan.



4. Pag-aabono

- Tiyakin ang angkop na pataba na nababagay sa inyong probinsiya/lokalidad sa pamamagitan ng pagsangguni sa “DA Balanced Fertilization Recommendations.”

Ang uri at dami ng pataba na dapat gamitin sa taniman ay base sa taba ng lupa. Maaaring malaman ang antas ng taba ng lupa sa pamamagitan ng pagpapasuri nito. Maaaring dalhin ang ipasusuring lupa sa pinakamalapit na tanggapan ng Bureau of Soils and Water Management (BSWM) o pwedeng gumamit ng *rapid soil test kit* sa tulong ng mga tekniko ng Department of Agriculture sa inyong lugar.

Kung ang lupa ay hindi naipasuri ito ang dapat gamiting inorganikong pataba:

- Kung hybrid ang itatanim— 6-8 sakong abono bawat ektarya complete (14-14-14)
 - Kung OPV ang itatanim— 4-6 sakong abono bawat ektarya complete (14-14-14)
 - Kung naipasuri naman ang lupa, gamitin ng kalahating porsiyento ng nitroheno at lahat ng posporus at potasyum. Ang kalahating porsiyento ng nitroheno na natira ay gagamitin na pang-abono isang buwan pagkatanim.
 - Maaari ding gumamit ng mga organikong pataba upang mabawasan ang gagamiting inorganikong pataba.
- Kung gagamit ng kombinasyong organiko at inorganikong mga pataba (6 bags na organic fertilizers + 4 bags 16-20-0 kada ektarya). Sundin ang mga sumusunod:
 1. Pantay na ikalat ang lahat ng organikong pataba sa kahabaan ng mga tudling bago magtanim.
 2. Ulitin ang proseso gamit ang inorganikong pataba.
 3. Takpan ng lupa (2 cm ang kapal) ang bagong lagay na abono bago magtanim.

